
# TULOY TULOY ANG WALKOUT PARA SA BADYET SA EDUKASYON AT SERBISYONG PUBLIKO! PANAGUTIN ANG LAHAT NG SANGKOT SA KORAPSYON!

Ipinamalas ng komunidad ng UPLB noong nakaraang Setyembre at Oktubre ang pagkakaisa ng **mahigit 7, 000** miyembro ng komunidad ng UPLB upang tutulan ang sistematikong korapsyon. Sa kabila nito, wala pa ring malinaw na hakbang sa pagpapanagot sa mga sangkot, habang patuloy na nararanasan ng mamamayan ang epekto ng mataas na presyo, kakulangan sa serbisyo, at sunod-sunod na kalamidad.

**Nitong Nobyembre 16, isiniwalat na ni dating Ako-Bicol Partylist Rep. Zaldy Co ang pangunguna umano ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa pagpasok ng mga dagdag na proyektong nagkakahalaga ng P100 bilyon bilang insertions sa 2025 budget.** Ito ay matapos siyang ilaglag nina Marcos at Romualdez bilang kasabwat sa manipulasyon ng badyet. Kasabay nito, makikita rin kung paano sinasagpang ni Bise Presidente Sara Duterte kasama ang ilang retiradong militar at pulis ang isyung ito upang magtulak ng mga pagkilos na maaaring magpataas ng kanyang posisyon sa pulitika, sa kabila ng kontrobersiya tungkol sa paggamit niya ng P612.5 milyon na confidential at intelligence funds.

Sa Timog Katagalugan, umabot sa ₱20,665,518,000 ang budget insertions na nakalusot sa 2025 General Appropriations Act. **Sa kabila nito, nananatiling substandard at kulang ang mga pasilidad na kailangan ng rehiyon, partikular sa kahandaan sa sakuna.** Sa pagdaan ng mga bagyong Tino at Uwan, libo-libong pamilya ang kinailangang lumikas—15,600 dahil kay Tino at 9,200 dahil kay Uwan. Tinatayang ₱135 milyon sa imprastraktura at ₱152 milyon sa agrikultura matapos si Tino, habang umabot naman sa humigit-kumulang ₱630 milyon sa imprastraktura at ₱730 milyon sa agrikultura ang pinsalang dulot ni Uwan. **Bukod sa nawasak na ari-arian, hindi matatawaran ang patuloy na pagkalugmok na naranasan ng mga mamamayan dahil sa pagbaha at pagragasa ng putik sa kanilang mga komunidad.**



Sa UPLB, lumitaw din ang samu't saring suliranin kabilang dito ang patuloy na kakulangan sa pondo para sa Student Learning Assistance System (SLAS), na nagresulta sa hindi sapat o kawalan ng stipend para sa maraming iskolar na may pangangailangang pinansyal. Marami ring pasilidad ang nananatiling luma, sira, o hindi sapat upang tugunan ang lumalaking populasyon ng mag-aaral. Kasabay nito, nakaranas ang mga kontraktwal na guro at kawani ng delays sa sahod. Nagdulot din ng matinding hamon ang sunod-sunod na bagyo at sakuna, kaya't maraming estudyante at kaguruan ang nahirapang mag-adjust sa akademikong gawain at pasan pasan ang bigat ng gawain para habulin ang pagtapos ng semestre.

Sa kabila ng palubog ng palubog na sitwasyon ng mamamayan, walang hiya na pinapakita nila Marcos at Duterte ang kanilang pagsisilbi sa pansariling mga interes at pagnanakaw sa pondo ng taumbayan. Ating ipakita ang galit at lakas ng UPLB sa pamamagitan ng pagpapakilos ng libo-libong mga indibidwal, institusyon, at mga organisasyon. Sumali sa pinakamalawak na samahan na lumalaban sa katiwalian at korapsyon na UP Action Network Los Banos!

**Ipamalas natin ang ating militanteng pagkilos sa mga sumusunod na aktibidad:**

**19-21 Nobyembre:** *Isko't Iska*
**21 Nobyembre:** *National Walkout Day Against Corruption 2PM @ OPark*
**24 Nobyembre:** *Talak at Mulat Symposium at Maguindanao Massacre Mobilization*
**24 Nobyembre:** *Acad Union x TAPAT Anti-Burkap Forum*
**25 Nobyembre:** *IDEVAW Mobilization laban sa karahasan sa kababaihan*
**28 Nobyembre:** *Black Friday Protest at Sanib Sining Cultural Night*
**30 Nobyembre:** *Bonifacio Day Mobilization (Calamba)*




***Sa pamamagitan ng paglahok, ipakita natin na hindi tayo papayag sa sistema ng katiwalian at panlilinlang!***

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
ACTION
LOS BAÑOS